Nakapagpaplano ng Symposium na Tumatalakay sa Kaugnayan ng Karapatang Pantao at Pagtugon sa Responsibilidad Bilang Mamamayan

# Pagbubuo ng Paksa ng Symposium

## Kaugnayan ng Karapatang Pantao at Pagtugon sa Responsibilidad Bilang Mamamayan

**Mga ilang paalala sa programa ng symposium:**

- Ang guro ang siyang magpapasya kung gaano katagal ang symposium.
- Siguraduhing magkakaroon ng *open forum* sa hulihan ng programa upang matugunan ang mga katanungan o magkaroon ng kalinawan ang mga tagapakinig sa mga bahaging nais bigyang-diin.

**Pagbuo ng pangkat**

Ang guro ang magiging punong-abala ng gaganaping symposium. Hatiin sa apat na grupo ang klase sa pagsasagawa ng symposium.

- **Pagbuo ng programa**- Magsasaayos ng daloy ng programa.
- **Pag-aayos ng gaganapan ng symposium**- Pagpili ng gaganapan ng symposium at ang pagsasaayos ng mga kagamitan tulad ng upuan, mesa, mga mikropono, speaker, sounds, at iba kinakailangang upang maisagawa ang symposium.
- **Pagpapalaganap ng symposium** (publicity)- pagpapalaganap ng mga poster upang makapanghikayat ng manonood o makikilahok sa symposium.
- **Mga magsasalita sa symposium** - ito ang grupong bubuuin ng bawat kinatawan ng mga pangkat sa bawat paksa. Kailangan nilang pag-aralan ang magiging takbo ng symposium at pag-ugnay-ugnayin ang bawat paksa. Marapat na sumangguni sa guro sa lalamanin ng inyong talakayan.

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.